**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
***News and Information Bureau***

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO**
**APRIL 29, 2022 (11:00 A.M. – 12:05 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Maigting na pagbabantay ng Philippine Genome Center kasunod po ng unang kaso ng Omicron subvariant na BA.2.12 sa bansa, pagbasura ng Korte Suprema sa petisyong kontra Anti-Terrorism Law, at ang pinahihigpit na pagpapatupad ng health protocols sa gitna ng tumataas na bilang ng mga violators. Ilan lang po iyan sa mga isyung bubusisiin natin sa loob ng isang oras. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Samantala, higit pitumpung probinsiya at highly urbanized cities, kabilang na po ang Metro Manila, mananatili sa Alert Level 1 hanggang sa May 15. Ang kabuuang detalye alamin natin mula kay Mela Lesmoras.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Hinimok ng DILG ang barangay at lokal na pamahalaan na maging mahigpit sa pagpapatupad ng minimum health protocols kasunod po iyan ng tumataas na bilang ng mga violators. Kumustahin din po natin ang paghahanda ng ahensiya sa nalalapit na eleksyon. Makakausap po natin si DILG Undersecretary Jonathan Malaya. Good morning, Usec.

**DILG USEC. MALAYA:** Good morning, Usec. Rocky. At good morning po sa lahat ng mga tagasubaybay natin sa inyong programa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., papaano po ang paghahanda [at] ang ginagawa sa bahagi po ng DILG para po dito sa nalalapit na eleksyon?

**DILG USEC. MALAYA:** Well, dalawa po kasi ang role ng DILG at aming mga attached agencies kasama ang Philippine National Police sa paparating na eleksyon. Number one, of course, iyong tungkulin para panatilihin ang kaayusan o iyong tinatawag na peace and security, law enforcement and iyong pag-imbestiga ng mga election-related cases. Iyong pangalawang tungkulin naman is iyong enforcement ng minimum public health standards.

So, dito po sa dalawang ito, malaki ang paghahanda natin at handang-handa na po ang buong DILG organization para gawin ang kaniyang tungkulin. For example, mayroon po tayong nakatalaga na 16,820 na mga PNP personnel for election duties na may karagdagan pang 41,965 na mga personnel na nakatalaga sa 5,431 checkpoints sa buong bansa.

At para po masiguro ang kapasidad ng PNP para magresponde sa kahit anumang posibleng karahasan sa araw ng eleksyon, mayroon din po tayong dalawang mobile force units sa bawat probinsiya na naka-assign na rin po sa election duties 'no.

At finally po 'no, sa mga hotspots naman, nakapagdagdag na po tayo ng additional police units sa 104 municipalities and 14 cities na na-identify ng Comelec to be under the red category in the election hotspots.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., ayon po dito sa Comelec, tuloy na tuloy po iyong botohan kahit pa dito po sa mga areas na may posibilidad na mataas na COVID cases. Ano po iyong magiging bahagi ng DILG para po makatulong dito po sa pagsasagawa ng maingat na eleksyon sa May 9?

**DILG USEC. MALAYA:** Yes, totoo po iyan 'no. The suspension of the elections is not an option. And kaya po para masiguro natin na tuluy-tuloy ang ating eleksyon kahit sa harap ng pandemic, kahit tayo ay under a pandemic, mayroon pong binuong New Normal Committee ang Commission on Elections sa pangunguna ni Commissioner Aimee Neri, at kami po sa DILG ay kasama diyan sa komiteng iyan 'no.

So sa mga polling center po natin sa buong bansa, magkakaroon po tayo ng symptoms checking ng lahat ng ating mga botante. At iyon pong makikitaan ng sintomas ay ililipat natin doon sa isolation polling place doon mismo sa eskuwelahan or polling center na na-identify natin.

So ibig pong sabihin, kahit po mayroon kayong sintomas, sabihin natin mayroon kayong fever pagpasok ninyo doon sa botohan, hindi ibig sabihin na papauwiin kayo. Ililipat lamang po ang ating mga kababayan sa isang isolation polling place kung saan doon sila buboto. So mayroon na pong resolusyon tungkol dito, at nagpirmahan na po ang DOH, DILG, DepEd, the Department of National Defense para maisakatuparan po itong planong ito.

So, on the part of the Department of Health, sila po ay magdi-deploy ng mga personnel nila at magsisiguro po sila ng kaukulang medisina para sa magiging programang ito. Kami naman po sa DILG, through the LGUs, ay maglalagay ng health station sa mga polling centers natin kung saan sisiguraduhin natin na mayroon ding personnel coming from the LGU health officer 'no, doon sa municipal health office or the city health office, para may tao dito. Ang DepEd naman po ay tinalaga para siguruhing may isolation polling place. At ang ating mga kasamahan sa Department of National Defense at sa PNP ay magbibigay seguridad para po dito sa … iyon po ang kanilang tungkulin under the New Normal Committee headed by the Comelec.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., sa report po ni Secretary Año, tumaas po iyong mga nagba-violate sa health protocols. Masasabi po ba nating pinakamalaking bahagi dito ay iyong mga isinasagawang campaign sorties? At paano rin po iyong paghihigpit na gagawin ng DILG tungkol dito?

**DILG USEC. MALAYA:** Yes, Usec. Rocky, kasama po iyong kabila-kabila nating campaign sorties na napakaraming tao ang nag-a-attend. Pero hindi lang po iyan ang sa tingin ko na dahilan ng pagtaas ng mga violations natin ng mga COVID protocols. Kasama pa rin po diyan iyong pamamasyal ng ating mga kababayan sa iba't ibang mga tourist spots and the increased mobility of the public dahil nga po binuksan na natin ang lahat ng industriya sa ating bansa, at karamihan sa mga lugar sa ating bansa ay nasa Alert Level 1.

So, para nga po mapababa muli ang numero ng violations dahil pumalo po ng, for example, iyong face masks po natin, it was a 196% increase in violations ng face mask, pumalo po tayo ng 84,969 instances of violation across the country. Para po mapababa muli ito, si Secretary Año po ay nagbigay ng direktiba sa Philippine National Police na paigtingin iyong implementasyon ng mga minimum public health standards.

So iyong mga checkpoints po natin na election-related ay gagamitin na rin natin iyong mga Comelec checkpoints to check also on compliance with minimum public health standards. So hindi lang sila maghahanap ng mga gun ban violators, we will also check kung naka-face mask ba ang mga nakasakay sa mga public transportation, for example.

And si Secretary Año din po ay nagbigay ng direktiba sa mga local government units, hindi lang sa LGUs, kasama na rin ang mga barangay tanod, barangay officials, iyong mga management ng iba't ibang mga commercial establishments, sa mga security guards, mga community leaders na pagtulung-tulungan po natin ang implementasyon ng ating minimum public health standards dahil alam naman po natin na hindi lahat ng lugar ay nababantayan ng ating kapulisan. So, kailangan po natin ang tulong ng ating mga force multipliers para ipaalala sa ating mga kababayan na dapat ay sundin natin iyong mga minimum public health standards para hindi magkaroon ng pagtaas ang ating mga kaso ng COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, isunod ko na po itong mga tanong ng ating kasamahan sa media. Unahin ko na po iyong tanong ni Tuesday Niu ng DZBB: Kapag daw po sinabing election duties ng mga pulis, anu-ano daw po [ang mga] ito?

**DILG USEC. MALAYA:** Well, kagaya po ng sinabi ko kanina, mostly po iyan sa security ng ating electoral process. So, hindi lang po iyan sa araw ng eleksiyon, kasama rin po iyong paghahatid ng mga election paraphernalia, iyong pagsi-secure sa mga Vote Counting Machines na dadalhin sa mga polling centers, iyong transportation and logistics ng lahat ng kagamitan ng Commission on Elections ay kasama rin po sa election duties ng ating kapulisan.

Mayroon din po tayong mga checkpoints, kagaya ng sinabi ko kanina, are also manned by the PNP under the supervision of the Commission on Elections. Kasama rin po sa tungkulin ng ating kapulisan ay iyong threat assessment sa isang lugar at kung mataas po ang threat assessment, if there is an intense political rivalry, nagdi-deploy din po ang PNP ng additional police officers from the local police station or the Mobile Force Battalion for extra security.

And finally, iyon pong kung saka-sakali man na may magtangkang i-distract ang ating eleksiyon sa Mayo 9, may contingency plan na po ang COMELEC and they have prepared and made ready the Civil Disturbance Unit of the PNP para harapin kung mayroon mang pagtatangka, for example, sa mga radikal na makakaliwang grupo, para i-distract ang ating paparating na halalan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa ibang usapin namin po, pinagpapaliwanag ng DILG iyong nasa animnapu't pitong (67) LGUs na non-compliant sa IPRA Law o ito pong Indigenous Peoples Rights Act o iyong pagbibigay po ng oportunidad sa mga IPs na makapagserbisyo sa local legislative council. So far, may mga LGUs na po bang nakapagsumite ng kanilang side?

**DILG USEC. MALAYA:** Usec. Rocky, kakalabas lang ni Secretary Año ng kaniyang direktiba sa mga LGUs na ito na napag-alaman ng DILG na are in violation of, as you mentioned, RA 8371 o iyong IPRA Law.

In particular, Usec, iyong pinaka-issue namin sa mga LGUs na ito ay hindi nila pinapaupo ang IP Mandatory Representative sa kanilang sanggunian, ito talaga iyong pinaka-issue. So, binigyan po natin ng deadline hanggang Mayo 5 ang mga LGUs na ito para magpaliwanag kung bakit hindi nila pinapaupo iyong IP Mandatory Representative as mandated by Republic Act 8371.

Ngayon, kung hindi po satisfactory ang paliwanag nitong mga local government units na ito ay mapipilitan po ang DILG na magsampa ng kaukulang kaso laban sa mga LGUs na ito in connection to Section 72, Article XI of the IPRA Law.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyon nga po iyong follow-up natin na kung sakali daw po na mapatunayang may ilang humaharang o nagdi-discriminate sa karapatan ng mga IPs na tumakbo sa halalan, ano naman daw po iyong puwedeng kaharaping parusa?

**DILG USEC. MALAYA:** Well, under Section 72, Chapter XI of the IPRA Law, Usec, ay mayroon tayo ditong penalties na puwedeng ipataw sa mga tao na responsible for not implementing the law.

So, according to the provisions of the law (IPRA Law), "…Any person who violates this Act shall, upon conviction, be punished by imprisonment of not less than nine (9) months but not more than twelve (12) years or a fine of one hundred thousand pesos (P100,000) or more than five hundred thousand pesos (P500,000) or both such fine and imprisonment upon the discretion of the court."

So, mabigat po ang penalties under the law. So, kami po sa DILG, we are appealing and requesting these 67 LGUs to please explain properly why you have not been implementing the law and for you to immediately implement the law para hindi na po kayo makasuhan ng aming Kagawaran.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, nagsumite na po ng rekomendasyon si Secretary Año sa susunod na posible pong maging bagong PNP Chief. Puwede po ba kaming bigyan ng kaunting detalye tungkol dito?

**DILG USEC. MALAYA:** Yes. Noong Tuesday po, nagkaroon ng NAPOLCOM en banc meeting kung saan nagpasa po ang NAPOLCOM ng isang resolusyon recommending two senior officials of the PNP to be the next Chief PNP upon the mandatory retirement on May 8 of Police General Dionardo Carlos.

So, ito pong dalawang senior officials na ito ay ang ranggong Police Lieutenant General at ito po ay nasa kamay na ng ating Pangulo kung ano po ang magiging tugon niya sa rekomendasyon ng NAPOLCOM. So, it is now up to the President how he is going to act on this recommendation, but of course it is still the discretion of the President kung i-extend niya [ang serbisyo ni] General Carlos.

But just the same, the recommendation was already made by the NAPOLCOM led by Secretary Año. Ito pong rekomendasyon na ito is only for an officer-in-charge or an acting Chief PNP dahil nga po nasa panahon po tayo ng election ban.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Pero, Usec, iyon nga po iyong sinasabi natin sa May 8, isang araw bago itong eleksiyon, nakatakda na nga pong magretiro si PNP Chief Dionardo Carlos, hindi naman daw po kaya ito makakaapekto sa mga paghahanda ng PNP sa halalan?

**DILG USEC. MALAYA:** Hindi po, Usec, dahil ang paghahanda po kasi ng PNP ay noong nakaraang taon pa. [Noong] nakaraang taon pa lamang [ay] ginagawa na natin ang paghahanda.

Lahat po ng plano ay already in place, lahat po ng direktiba ay nagawa na. lahat ng koordinasyon sa baba ay nagawa na rin and not only with the units on the ground but also with the other government agencies who are in charge of security such as the DND/AFP [and] the Philippine Coast Guard.

Lahat pong ito [ay] nailatag na, kaya kanina ini-report ko dito sa ating programa kung ilan na iyong mga personnel ng ating kapulisan that have been deployed already, as we speak, to assist as deputized agents of the Commission on Elections.

So, ang gagawin na lang po, kung saka-sakaling hindi mai-extend [ang serbisyo ni] General Carlos, ang gagawin ng papalit sa kaniya na OIC or acting Chief PNP is just [to] implement what has already been determined by the PNP organizations.

So, huwag po tayong mababahala, it will be a very smooth transition because all the incoming chief will do, is just to implement what has already been planned way ahead of time.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, kaugnay naman dito sa pag-restore ng Facebook sa ilang social media post ni National Security Adviser Secretary Hermogenes Esperon matapos po itong burahin dahil sa umano ay nalabag na community standard. Ano pong masasabi ninyo dito, Usec?

**DILG USEC. MALAYA:** Well, unang-una po, natutuwa po kami sa naging hakbang ng Facebook na maibalik iyong mga post, hindi lamang ni General Esperon ngunit ng iba pang mga government entities, kasama na ang ilang post ng NTF-ELCAC at ng Philippine News Agency na wala namang kinalaman sa kung ano man.

Kaya we welcome that decision of Facebook, ngunit nandoon pa rin iyong agam-agam namin at ng maraming mga entities sa ating bansa na Facebook has not been completely transparent about how it implements its community standards.

Number one, iyong sinasabi nilang technical irregularity that triggered the algorithm that presumably led to, iyong pagtanggal sa mga posts ng ilang mga kasamahan natin 'no, it's still vague, kasi, [ang] tanong: Anong klaseng technical irregularity ito? What prompted it and what led to it? That's number one. That has to be explained. So, the challenge to Facebook now is to be transparent.

How does it implement these community standards and how sure are we that the technology they are using is not biased towards certain personalities or entities. Kasi, nakita nga natin [na] mismong iyong ating National Security Adviser, si Secretary Hermogenes Esperon, when he posted an item about national security, he was flagged or warned by Facebook. So, what is the algorithm that we're talking about and how does it work?

The second question we want to post to Facebook is iyong sinasabi nilang independent fact-checkers. Okay, who are these independent fact-checkers and how do they do their job? Kasi, ang sinasabi mayroon daw mga areas na iyong independent fact-checkers ay hindi puwedeng makialam. So, anong mga areas iyon?

So, how does Facebook determine if that fact-checker is indeed independent? What criteria do they utilize to declare something as an independent fact-checker? Kasi, nakikita natin sa mga post iyong warning na ipinapalabas ng Facebook, inilalagay nila doon na that, "this post was removed because according to our independent fact-checkers, a similar video is fake."

So, ganoon no, there's a lot of issues that I think Facebook has to explain to the Filipino public considering how influential their social media platform is.  So, we hope that, moving forward, Facebook will be more transparent and will work with stakeholders in the Philippines. Not just stakeholders in the United States and other countries, but stakeholders in the Philippines, so, that they can improve their service to their Philippine costumers, because essentially we are all their costumers dahil they make money out of our utilization of their platform. The more we utilize their platform, the more money they make because the more ads that they can run and the more engagement that they will get from the Filipino public.

So, our hope of course, is that they will take this seriously and explain to the Filipino people what steps they are taking para hindi na po maulit iyong nangyari.

**USEC. IGNACIO:** Opo.  USec., panghuli na lamang, hingi na lang po kami ng update dito po sa listahan ng eligible tricycle drivers na mabibigyan naman daw po ng fuel subsidy. Kumusta na po sila? May ilang mga LGUs pa rin po ang hindi pa rin po nakakapagsumite ng kanilang listahan? Tama po ba ito?

**DILG USEC. MALAYA:** USec. Rocky, may update tayo diyan. Ngayong araw is the deadline for them to submit to the DILG iyong validated list of tricycle drivers sa kani-kanilang mga jurisdictions and itong listahan na ito will be transmitted or turned over to the LTFRB para makapagsimula na nga iyong distribution dahil nagkapirmahan na ng MOA, mayroon nang mga memorandum circulars and guidelines na na-isyu tayo.

So, as of today which is the deadline, mayroon na pong nasumite ang Region II, Region IX and CAR, a total of 44,299 names of tricycle drivers [who] have already been validated by our local government units and I expect that as the day goes by, USec., mas dadami pa itong mga numerong ito and then we will start transmitting this to the LTFRB para makapagsimula na iyong kanilang distribution ng fuel subsidy. Of course, presuming that the LTFRB was able to get an exemption from the COMELEC from the spending ban.

**USEC. IGNACIO:** Okay USec., kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagpapaunlak sa aming imbitasyon. DILG Spokesperson Undersecretary Jonathan Malaya. Thank you USec.!

**DILG USEC. MALAYA:** Maraming salamat din po at mabuhay po kayo.

**USEC. IGNACIO:** Pangulong Duterte, nanguna sa pagpapasinaya sa Cebu-Cordova Link Expressway. Isa po ito sa nasabing proyekto sa ilalim ng Build Build Build Program na inaasahang magbibigay-daan para sa mabilis na pag-unlad ng ekonomiya sa rehiyon. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Pagbabantay sa mga sample na nagpopositibo sa COVID-19 mas pinaiigting ng Philippine Genome Center matapos po na maitala sa bansa ang unang kaso ng Omicron subvariant na sinasabing mas nakakahawa. Kaugnay niyan, makakasama po natin si Dr. Cynthia Saloma, Executive Director ng Philippine Genome Center. Welcome back po, Doc!

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Magandang umaga po, USec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc. Cynthia, hingi na lang po kami ng update. Ilan po itong nate-test for genome sequence kada araw daw po ng genome center at sa ngayon ano daw po iyong dominant variant sa ating bansa?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** So, USec., at sa ating mga taga-pakinig gusto ko lang po kayong i-update tungkol sa ating output sa whole genome sequencing. As you have noticed po masyadong mababa iyong ating mga kaso kaya kaunti rin po ang mga samples ang sina-submit sa amin sa Philippine Genome Center.

Sa atin po, noong end noong December 2021 up to the present, the most dominant variant in the Philippines is not Delta, it's already Omicron and among the Omicron variants, USec., ang pinakamarami po talaga sa ating bansa ay itong BA.2.3.

Itong BA.2.3 po sa ating latest sequencing results for the month of March at saka April, iyong pong 95% of our sequenced cases are in the BA.2.3 sub-lineage po ano. So, they are still called the Omicron because in terms of symptoms, pareho lang din po siya sa mga traditional Omicron or sa parental strain ng Omicron.

From time to time po, USec., nakikita pa rin namin na may mga pangilan-ngilang mga Delta sequences sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas but these are very, very minor. If I remember correctly, USec, between March and April, we already detected about four cases in the southern Philippines.

And in terms of the daily sequencing results naman po, USec., kasi napakakaunti nga talaga ng cases natin tapos as you remember, iyong CT value below 30 lang po iyong ating subjected to whole genome sequencing. So, marami rin po sa mga kaso natin na mas mataas sa CT 30 kaya hindi rin po natin siya ma-include sa sequencing.

So, for now actually we have a lot of kits that are capable of doing 750 per run but hindi po natin ito, USec., nagagamit kasi kaunti masyado. So, normally we will just sequence 48, ang pinaka-marami na po USec., is about 350. Pero hindi po natin nari-reach iyang number na iyan kasi very, very low submissions particularly because ang mga CT values nila [ay] hindi po nakakaabot sa ating cutoff na 30. So, I would like to emphasize that the most dominant circulating Omicron case in the Philippines is still this subvariant of BA.2, we call BA.2.3.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc., isusunod ko na lang po itong mga tanong ng ating kasamahan sa media ano po. Bagama't may mga nabanggit na rin po kayo pero basahin ko na lang din po. Mula po kay Carolyn Bonquin, at kay AC Nicholls ng CNN Philippines: May nakita na daw po bang BA2.12 or BA.2.12.1 sa local cases?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Ang ating nakita pa lang po is the BA.2.12, iyong Finnish lady hindi na, ni-release na rin po ng ating DOH 'no, iyong kaniyang background and the individual has already returned to her home country, contact tracing of her fellow passengers and the airplane, as well as in the two universities here.

Hindi naman po sila nakapag-detect ng onward transmission.

So, I would like to emphasize po sa ating mga taga-pakinig na iyong lineage BA.2.12, ito po iyong lineage  na unang nakita sa Canada and is circulating in North America, as well as in Europe. Kaya iyong ating Finnish visitor na mayroong BA.2.12 is not any wonder po na mayroon siyang ganito dahil naman po sa Europe marami po iyong BA.2.12.

Now, regarding the BA.2.12.1, which is kumbaga anak nitong (BA).12 na ito, which is actually circulating in New York now, wala pa po tayo so far na na-detect na kaso nito. So far, ang ating mga audience, kumbaga iyong BA.2.12, mayroon pa siyang one additional mutation in a particular region in the spike protein. Sa BA.2.1 po, may additional po siyang mutation sa spike region 452. Pero wala pa po tayong natanggap at binabantayan po natin iyan kung mayroon, para maka-contact tracing naman tayo. Pero for now, wala po  tayong na-detect na BA.2.12.1 and so far, we have also not detected  any of the hybrid variants, iyong mga XE, mga XH at kung anu-no pa, wala pa po tayong na-detect.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Puwede daw po ba ninyo kaming bigyan ng clear picture sa characteristic nitong BA.2.12? Ganito din po kasi iyong tanong din ni Lei Alviz ng GMA News. Mabilis daw po itong kumalat sa ibang bansa?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Opo, na-notice nila na medyo mayroon siyang transmission advantage in other countries as much as 10%. Pero no wonder naman po, kasi originally, this was first detected in Canada. Pero sa Canada, hindi po siya naging malawak o hindi pa siya nag-spread. Nag-spread po siya sa Europe. So, just because there is an additional mutation, it depends really on the geography and probably on the immune situation of the population. So, sa Europe, marami po tayong (BA.2).12, pero iyong original place, upon which this was earliest detected in Canada, hindi naman po lumaganap itong (BA).12. Iyong (BA).12.1 na nasa New York ngayon, wala pa po tayong na-detect dito sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. At dagdag pong tanong ni Lei Alviz ng MGA News: Kailan daw po ang susunod na genome sequencing run?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Kahapon, mayroon na po kaming nai-release. So, in a little while, probably after the DOH has done some of the back work or interviews of patients on the Epidemiology Bureau, I think, the DOH will also release the result. So, in that particular run, wala pa kaming nakitang additional BA.2.12. So, probably in a little while, today or tomorrow, I think the DOH will give you the update. But we have finished the results for this.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, nasa 44 daw po katao itong na-identify ng DOH na close contact na nagpositibo sa Omicron sub-variant. May update na po ba kung ilan na ang na-trace, at sumailalim po ba sila sa swab test?

Doc Cynthia? Okay, babalikan po natin si Doc. Cynthia, maya-maya lamang.

Residente ng Antipolo, hinatiran po ng ayuda ng tanggapan ni Senator Bong Go. Muli namang hinikayat ng Senador ang mga residente sa lugar na magpabakuna na. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Sa halip na La Boracay Isla, ipagdiriwang muli ang Love Boracay. At sa halip na mga party ay beach clean-up activity ang isasagawa. Ang update niyan alamin natin mula kay Cleizl Pardilla. Cleizl?

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Ibinasura po ng Supreme Court ang mga inihaing petisyon na kumukuwestiyon sa ilang bahagi ng kontrobersiyal na Anti-Terrorism Law. Pag-uusapan po natin iyan kasama si Department of Justice Undersecretary Adrian Sugay. Good morning po, Usec.

**DOJ. USEC. SUGAY:** Good morning, Usec. Rocky at good morning sa ating mga tagapanood.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, para lang po mas maunawaan ng publiko. Ano po daw iyong naging batayan ng Supreme Court sa pagbasura dito po sa petisyon laban po sa Anti-Terrorism Law? At ano po ang naging resulta sa naging botohan ng mga mahistrado?

**DOJ. USEC. SUGAY:** Okay. So siguro ano lang ano, by way of background 'no. Iyon nga, nag-desisyon ang Korte Suprema tungkol dito sa 37 petitions, kung hindi ako nagkakamali, na nagkukuwestiyon dito sa Anti-Terror Act of 2020. So, iyong desisyon na ito, inilabas earlier this year ng Korte Suprema at may nag-file ng anim na motions for reconsideration dito sa naging desisyon ng Korte Suprema.

So recently, nag-isyu ng press release ang Office of the Spokesperson, iyong Public Information Office ng Supreme Court na sinasabi na nag-isyu na ng resolusyon ang Supreme Court na dini-deny itong anim na motions for reconsideration. Ang sabi ng Supreme Court, dito sa press release na ito, na wala namang bagong naging argumento o bagong mga matters na nakalagay o nai-raise dito sa mga motions for reconsideration na ito. Kaya't ang Korte Supreme sinabi na ang kanilang naunang desisyon dito sa mga tatlumpu't pitong (37) petisyon na they are upholding or they are affirming iyong earlier decision nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano daw po, Usec, iyong susunod na mangyayari dito sa nasabing batas?

**DOJ. USEC. SUGAY:** So, dahil itong motions for reconsideration ay na-deny na ng Supreme Court, at ang sabi nga ng Supreme Court ay dapat siguro ano na iyan, mag-entry of judgment na, iyong tinatawag namin 'no. Dahil diyan, as a matter of law, as a matter of rule ay wala nang ii-entertain ang Korte Suprema na kahit ano pa mang mosyon hinggil dito sa mga petisyon na kanila na ngang mga dininay (deny) tungkol dito sa Anti-Terror Act.

So, dahil dito ay tuluy-tuloy na ang implementasyon ng Anti-Terror Act of 2020. Wala nang balakid para ito ay iimplementa at gamitin na ng ating mga law enforcement agencies 'no, para masawata itong terorismo sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, dismayado po kasi iyong ilang mga grupo sa naging desisyon ng Supreme Court. Malaking pangamba daw po iyong hindi pa rin malinaw na definition ng ilang probisyon sa ilalim nito. May ibang paraan pa ba na maaari daw pong gawin, para po matugunan ang concerns ng ating mga petitioners?

**DOJ. USEC. SUGAY:** Opo. Naging malinaw iyan, Usec. Rocky doon sa original decision ng Supreme Court. Ang sabi nila doon na although the law itself is constitutional, except for a few provisions, isa na nga diyan iyong depinisyon ng terrorism 'no, mayroon silang tinanggal na phrase doon na nagka-qualify dito sa exercise of civil and political rights. Ang sinasabi ng Korte Suprema rito, although constitutional siya sa ngayon, iyong constitutionality ng certain provisions of the law may be challenged as case arise.

So, ibig sabihin lang noon, sa aming palagay, na kunyari ikaw ay nakasuhan under the Anti-Terror Act of 2022, puwede mong kuwestiyunin, "Ito bang aking ginagawa ay naaayon dito sa Anti-Terror Act o iyong pag-implementa ba ng law enforcement agency involved, law enforcement agent dito sa ginagawa ko, hinggil dito sa aking ginagawa, itong exercise ng civil and political rights is violative of my constitutional rights?"

So, sa ganitong banda iyon iyong aming interpretasyon diyan na puwede pa rin namang tingnan kung ang pag-implementa nitong batas na ito ay naaayon sa Konstitusyon.

So, iyon iyong sinasabi nung desisyon ng Korte Suprema. Maaari pang kuwestiyunin pero base na iyan doon sa specific na criminal act for which a person is being charged with or being complaint against.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, pero ngayon daw pong kasagsagan ng eleksiyon hindi naman daw po ba ito maaabuso o magagamit against sa mga supporters at candidates? At kailan daw po ito magti-take effect?

**DOJ USEC. SUGAY:** Usec. Rocky, the law is already in effect in fact. In fact, iyong Anti-Terrorism Council, you know, has been designating individuals and groups, tuluy-tuloy iyan. In fact, certain cases have already been filed against certain persons pursuant to the Anti-Terrorism Act of 2022.

Maaabuso ba iyan? Alam mo, there are enough safeguards in the law. I guess iyon iyong takeaway nating lahat dito sa desisyon ng Korte Suprema pati dito sa resolusyon nila denying all the motions for reconsideration.

Basically, ang sinasabi ng korte, kumpleto iyang batas na iyan. There are enough safeguards. So, kung mayroon ma sa tingin nila ay naagrabyado dahil hindi tama ang pag-implementa ng

batas na iyan, maaari naman iyang kuwestiyunin before the prosecutor, during preliminary investigation, sa korte kung naisampa iyong kaso. Tuluy-tuloy iyan. There are safeguards.

At kung sa tingin kunyari ng ibang tao na hindi tama ang pag-implementa sa kanila, sinasabi diyan sa batas na iyan that certain cases may be filed against those in the law enforcement agencies who will implement this law incorrectly.

So, mayroong kaakibat na obligasyon iyan sa ating law enforcement agencies, sa ating National Prosecution Service, sa ating mga korte to ensure that this law is properly implemented.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, pag-usapan naman po natin itong imbestigasyon ng DOJ sa umano'y misdeclaration at smuggling ng agri products. May mga opisyal na po bang napanagot o masasampahan o nasampahan ng kaso?

**DOJ USEC. SUGAY:** Usec. Rocky, sa ngayon upon the directive ni Secretary Guevarra, aming tinitingnan kung mayroon ngang mga kaso na pending dito sa amin lalo na sa ating mga piskalya nationwide against itong mga sinasabing pinaghihinalaang mga nag-i-smuggle.

Bunsod na rin ito nung naging committee hearings before the Senate at before the House. Sa aking pagkakaalam itong House Committee ay headed by Congressman Salceda. So, kami rin ay nag-participate dito sa Congressional hearings at sa committee hearings.

So, tinitingnan namin pursuant to the directive of the Secretary kung mayroong mga pending cases at kung mayroon man ang direktiba niya ay pabilisin ang pagresolba dito sa mga kaso na ito.

Isa pa, dinirekta rin ni Secretary Guevarra ang NBI. Nag-issue siya ng department order directing the NBI to investigate itong mga smuggling activities at tingnan kung mayroong dapat mapanagot diyan at dapat kasuhan.

So, tuluy-tuloy iyan, Usec. Rocky. At sa amin din sinabi rin namin ano, naging pahayag din ni Secretary na ang Department of Agriculture kung sa tingin nila ay mayroong dapat mapanagot diyan, kung sa tingin nila mayroon silang impormasyon tungkol sa smuggling ay idulog kaagad sa amin. Mag-file sila ng complaint kung tingin nila ay mayroong mga violations at iyan ay isasagawa namin ng nararapat na preliminary investigation at kung may dapat na kasuhan ay magpa-file kami ng appropriate information before the courts.

At amin ding iri-refer sa NBI kung sa tingin ng ating Department of Agriculture ay mayroon dapat imbestigahan at magkaroon ng case buildup.

Nakahanda kami, Usec. Rocky, upon the directive of the Secretary to assist in the investigation and to ensure prosecution of those who may be involved in smuggling.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec, hinimok po ni Representative Salceda iyong DOJ na linawin po itong agricultural smuggling as a form of economic sabotage. Isinusulong din po niya na dapat daw po mas ma-involve pa iyong NBI dito daw po sa pag-aaral sa mga cases na may kinalaman sa smuggling.

Ano po ang masasabi niyo dito?

**DOJ USEC. SUGAY:** Oo, talagang pinag-aaralan namin nang masusi iyan, Usec. Rocky. At saka nasabi ko nga kanina na ang direktiba sa NBI ay talagang pag-aralan iyan, tingnan nang mabuti kung sino iyong dapat panagutin. Dapat imbestigahan iyan nang mas malaliman. Alam naman natin na napakalaking issue nito at talagang siguro nararapat na tingnan nang mabuti kung anong puwedeng gawin diyan.

Pinag-aaralan din naman namin iyan. Kunyari may mga kaso rito, ano ba ang extent nitong smuggling na ito? Sabi nga, sobrang laki. So, ang nangyayari tuloy this may be deemed economic sabotage.

Kung ganoon nga ang magiging finding ng ating mga prosecutors kapag mayroong under preliminary investigation dito sa mga kaso na iyan, makakasiguro kayo na iyan ang kasong ipa-file sa mga korte kung ganoon nga ang naging extent at ganoon kalalim itong mga activities na ito ng mga ibang tao.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, sa ibang usapin naman bigyang daan ko lang po iyong tanong ng ating kasamahan sa media mula po kay Maricel Halili ng TV-5: May we have your statement daw po about Kerwin Espinosa.

He said all his statements versus Senator De Lima are not true. How will this affect the case? What does it say about the drug war in the country?

**DOJ USEC. SUGAY:** Okay. Usec. Rocky, iyon nga ano, amin ngang nalaman kahapon na si Kerwin Espinosa apparently had issued an affidavit na niri-recant niya iyong kaniyang mga alegasyon against Senator De Lima. And I understand iyong aming Office of the Prosecutor General had already issued a statement saying that, although there is this affidavit siyempre nasasa kaniya na iyon kung paano niya patutunayan iyong mga sinabi niya dito sa affidavit na ito.

I understand there are also pending cases for preliminary investigation against Mr. Espinosa. So, titingnan iyan, ano ba iyang sinabi niya na iyan. Titingnan, ano ba ang puwede niyang maging liability because I understand that previously he had issued a statement or an affidavit na sinasabi nga niya na involved si Secretary [Senator] Leila de Lima dito sa mga activities na ito.

So, tinitingnan lahat iyan. But for now iyong kaniyang statement is there and whether or not it will affect iyong mga kaso against Senator Leila de Lima, I understand na ang statement ng

office of the Prosecutor General dito is that he is not a witness in any of the pending cases for a pending criminal cases against Senator Leila de Lima.

So, under these circumstances sabi nga nila, hindi naman makakaapekto itong naging pahayag or iyong recantation ni Mr. Espinosa nung kaniyang mga sinabi against Senator Leila de Lima, at least, as far as these criminal cases pending against Senator Leila de Lima are concerned.

Ngayon, alam niyo iyong tungkol din diyan sa drug war, tuluy-tuloy naman iyong ginagawa ng ating mga law enforcement agencies against sa problema nga natin sa droga na napakalaki at napakalalim. Masalimuot, ang daming mga personalities involved lalo na itong ating mga drug lords at iyong convicted drug lords na karamihan dito ay nakakulong.

So, malalim pa iyan pero ang gobyerno, as far as we are concerned, tuluy-tuloy itong drug war. Tuluy-tuloy na talagang ia-address itong issue ng drugs. At kami rin naman sa Department of Justice, tuluy-tuloy din iyong aming pag-imbestiga kung anuman iyong nagiging pagkukulang dito sa drug war.

Alam niyo naman, we started an investigation, a review into iyong conduct ng ating war on drugs. Tinitingnan natin iyong mga naging kaso against iyong ating mga kasama sa Philippine National Police. So, sa amin, it's a big issue. It's a big problem that we need to address, itong illegal drugs dito sa ating bansa. And we will continue to do so hanggang sa katapusan ng aming termino. At sana ay maisalin namin ito, Usec. Rocky, sa susunod na administrasyon kung anuman iyong nagawa na namin, at sana magtuluy-tuloy iyong maging pag-address dito sa illegal drugs dito sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Panghuli na lang pong tanong mula kay Cresilyn Catarong: Hindi daw po ba puwede siyang makasuhan ng perjury dahil dito sa ginawa niya?

**DOJ USEC. SUGAY:** Alam ninyo, tinitingnan iyan ngayon ng ating Office of the Prosecutor General kung puwede ngang makasuhan, kasi nga magkaiba iyong kaniyang naging statement. I understand, he issued an earlier statement; it was under oath, and now he is recanting. I think that is something that Mr. Espinosa has to contend with. He has to answer iyong issue na iyan – anong nangyari? Bakit ganoon? And both statements, I understand, were made under oath and they are inconsistent.

So baka nga mayroong maging liabilities si Mr. Espinosa. But this is something that he will have to contend with and he will have to address and something that he has to deal with eventually, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin ngayong umaga, Department of Justice Undersecretary Adrian Sugay. Usec, salamat po.

**DOJ USEC. SUGAY:** Maraming salamat, Usec. Rocky. Mabuhay!

**USEC. IGNACIO:** Samantala, muli po nating balikan si Dr. Cynthia Saloma ng Philippine Genome Center. Dr. Cynthia?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Hello, Usec. Rocky. I'm sorry for the lines that were cut kanina 'no.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dok, isunod ko na po itong tanong ni Mark Fetalco ng PTV: May plano po ba iyong PGC na dagdagan ang mga sample na isasailalim sa whole genome sequencing lalo na po mula sa Baguio at Quezon City kung saan po pumunta ito pong Finnish?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** I think the sample have been tested, at saka negative po sila Usec. So sa atin naman po, iyong mga samples na pinapadala sa atin ng ating mga regions in coordination with the DOH Epidemiology Bureau, handa naman po kaming mag-sequence. In fact, kaunti lang talaga ang dumarating sa atin kasi mababa talaga iyong kaso natin ngayon sa Pilipinas, and we have more than enough kits going forward. So okay naman po tayo. Prepared naman po tayong mag-sequence, pero so far, the cases are really, really low.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nine days daw po after nang makaramdam ng sintomas itong female Finnish na nakitaan po ng Omicron subvariant, pero gaano raw po kalaki iyong chance na nakuha niya itong virus sa biyahe? May kaugnayan po iyong tanong dito ni Mark Fetalco ng PTV: Posible raw po kaya na dito sa Pilipinas nakuha nitong female Finnish iyong Omicron subvariant? At ilang araw daw po ba ang incubation period ng BA.2.12?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Usec, we cannot completely remove the possibility, but at the same time, the chances are na dinala talaga niya particularly because the signature mutation ng variant na ito, iyong BA.2.12 is really widely circulating in Europe. In contrast, for example, to other countries in Southeast Asia, mas marami talaga po siya sa Europe at saka sa North America. So the possibility is very high na nasa kaniya. Although, we cannot completely discount other possibilities na nakuha niya sa travel and so on.

Regarding naman po sa incubation period, so we know, for example, the Omicron, it's really a range, it can be as short as 3.5 days, and can be as long as 14 days. So nandoon naman po siya sa range, it's just that we normally would expect that the Omicron, the symptoms will already manifest themselves by the fifth day, for example. Medyo late lang po itong pasyente nating ito, and the symptoms were actually really, really [garbled].

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong po ni Carolyn Bonquin at AC Nicholls ng CNN Philippines: Are we currently sequencing all samples po of COVID positive international travelers? If not, may we know why? And if PGC will consider doing this again?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** So for us, as long as the samples reach us, and they qualify the cut off score of Ct value below 30 and if they are sent to us, ready naman po tayo. Ang problema nga po natin is kaunting-kaunti po talaga ang nagpapadala sa atin ng samples. Kasi

this is also because the cases in the country are really, really low on a daily basis and at the same time, hindi nga po sila makapasok sa cut off na Ct 30.

So kung mamabutihin po ng ating DOH at ng Epidemiology Bureau na gawin ito, handa naman po kaming gawin iyan. Kasi, actually, we have more than enough kits. Hirap lang po talaga kaming makatanggap ng maraming samples from all over the country because the cases are so low, Usec. Nahihirapan kami. Kahit iyong testing namin sa Philippine Genome Center ay may mga araw na wala po kaming sina-swab. Ganoon po, kasi mababa talaga iyong kaso sa ating bansa sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Dok, masasabi po ba nating posibleng may local transmission na ng nasabing subvariant? At ano raw po iyong indikasyon na nagkaroon na ng local transmission? Pero huwag naman sana, Dok.

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Opo. Of course, we cannot completely discount the possibility, but that is very, very low. Ang ginawa po ng ating DOH, the moment we shared to them the sequences last week, they really did a lot of contact tracing. Can you imagine, they trace iyong mga 30 passengers at saka iyong mga close contacts nitong individuals both here in Manila, as well as in Baguio City at saka may na-test din po sila na turned out to be negative.

So, the indication showed that there seems to be no onward transmission of this BA.2.12 in our local population kasi iyong mga indications dito, titingnan natin kung may tumaas ang cases, may increase in transmission, hindi po naman natin nakikita iyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ito pong tanong ni Lei Alviz ng GMA News: Ano raw po iyong potential public health impact ng BA.2.12?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** So far naman, Lei and to our other listeners, ang category naman ngayon ng ating lahat ng BA.2, we call them Omicron-like sequences, they do not differ that much with the traditional or parental Omicron. Some of them have increased transmissibility of ten percent or more based on their statistics. But in terms of severity of symptoms or increase admissions, hindi naman po natin masasabing ganoon. So in terms of public health po, hindi pa natin masabi kung mayroon siyang profound impact. So far wala po tayong nakikita.

But what is also very, very important, I would like to emphasize to our public is, kailangan po tayo ready and healthy. Kaya iyong ating mga kasamahan na mga senior citizens na naga-atubili pang magpa-vaccinate. I would like to encourage you na magpa-vaccinate kayo or kung necessary magtanggap na po kayo ng ating mga booster shots, because our government has a lot of ---millions of vaccines, which have not been utilized. Saka hindi pa tayo mataas masyado Lei at saka USec. iyong ating coverage sa senior citizens whom we need to really, really protect.

So, hindi natin ma-predict kung ano iyong mga variants na lalabas or kung ano iyong mga symptomatology na lumalabas. But, so far it seems to be that iyong Omicron, ganoon pa rin, steady pa rin po iyong kanyang symptoms at wala pa po tayong na-detect na anymore, you know any subvariant that presents with any more severe symptoms that the current strain. So wala pa po.

Pero, ang maganda po, dahil nga, of course, we are opening the economy and then, we have a lot of election campaigning going on, that we protect the most vulnerable sectors of our society, our senior citizens or health care workers, our front liners and those with comorbidities. And we have sufficient vaccines for this and we would like to really, really encourage them to avail of these free vaccines that our government has to procure.

**USEC IGNACIO:** Opo. Doc, tanong po ni Carolyn Bonquin ng CNN Philippines. How old are the samples daw po, usually tested from the swab date and how long from the swab date, before PGC could determine the variant of concern affecting the patient?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Oo, so depende po iyan kung kailan nila pinapadala sa atin. Of course, we encourage them that the moment, the samples are reached or qualify with a certain criteria that they coordinate with the Regional Epidemiologist Surveillance Units and they bring it to us here in (unclear).

So, normally, the sequence and the particular time, so by Wednesday, we begin sequencing, in two days, we finish the sequencing because we don't sequence a lot, kasi may (unclear) ang ginagamit natin. And we can finish the sequencing in less than 30 hours. So mabilis lang po iyong sequencing, because these are not so many, it's just very, very important that our laboratories all over the country and then our Regional Epidemiology Surveillance Units send samples to us, kasi hirap na hirap po kaming mag-gather ng samples, ngayon kasi napaka-kaunti po iyong dumarating sa atin and also because kaunti talaga iyong cases din sa ating bansa.

**USEC IGNACIO:** Opo. Tanong po ni Red Mendoza ng Manila Times. Gaano daw po kataas ang probability ng Omicron subvariants ay maaring mag-evolve sa mas malalang variant na may chance na mag-evade ng mga bakuna?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Alam mo, Red. So far, for BA.2 alone there are already BA.2.34. So, it's fast evolving, kais masyado siyang transmissible and we know na ang virus, kapag very highly transmissible, the chances of it mutating and acquiring additional mutations is also higher, kaya tingnan ninyo iyong ating Delta, nakaparami na, more than 200 subvariants. Ang Omicron BA.2, which is the globally dominant Omicron variant now, ang kanyang subvariant, within BA.2 nakaabot na po siya ng 34. But so far, wala pa naman tayong nakikitang anymore severe. So, the subvariants are named because they have additional mutations, but in terms of clinical implications, so far, Red wala pa tayong nakikita.

So, that is why, the world community is really watching this and of course encouraging other countries also to sequence, kasi medyo bumaba na rin iyong sequencing output ng iba't ibang bansa.

**USEC IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Red Mendoza ng Manila Times. Makakatulong po ba ang isang bakunang may laman na subvariant para mawala ang threat ng mga recombinant variants tulad po ng XE, BA.2.12 at iba pa?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** So, Red ma-notice din ninyo iyon. For example, mayroon tayong mga subvariants. Traditional vaccines and the original vaccines, they still work against severe and critical cases. Ang hirap kasi, Red ng gumawa ng subvariant-specific vaccines, kasi nga ang bilis, ang bilis ng mutation ng virus. Tingnan ninyo in two months or three months, di ba, mayroon na tayong BA.2.34, ang bilis niya. So, you know, if we are going to make a subvariant-specific vaccine, by the time na ma-approve siya, nag-iba na rin iyong circulating. Kaya iyon iyong pinagiisipan ng ating mga vaccine designers, eh on how we can design kumbaga variant-proof vaccine, pero hindi pa nagagawa iyan.

Kaya medyo tricky rin ito kapag gumawa ng subvariant-specific vaccine, kasi by the time, they are deployed, baka hindi na rin iyon ang circulating variant or subvariant at baka hindi na rin siya, you know, specific or active. Kaya sa palagay ko, for now, all the vaccines that we have, probably, for the remaining vaccines that we have, we will have to use this, and probably, we need to also challenge our vaccine designer to design a vaccine that is more resilient for mutations.

So, ibig sabihin, Red for example they will try to target control iyong regions sa highly-much more conserve, so kahit na-change iyong iba robust pa rin siya and so on and so forth. So, this is really a challenge to our vaccine engineers to have a more variant-resilient or effective vaccine, pero hindi pa po nagagawa iyan.

**USEC IGNACIO:** Opo. Pero, hindi ko pa po kayo puwedeng pakawalan, Doc. Cynthia/ May pahabol po Carolyn Bonquin ng CNN Philippines. Possible po ba na may iba pang BA.2.12 local cases na hindi pa nakikita?

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Oh. Carolyn, that is always a possibility, kasi we are only sequencing a small portion at saka iyong mga pinapadala lang sa atin, but we are on that watch out. But so far, gusto ko lang ipahiwatig din sa ating mga tagapakinig na iyong ating BA.2.12, hindi naman po really a cause for alarm sa ating country. BA.2.3 talaga ang nag-take root at saka nag-spread. You remember in Europe, they had BA.1 which really peaked probably early December.

Sa atin po, kahit maaga dumating itong BA.1 na we detected this first in CAR, hindi talaga siya nagkaroon ng traction eh. Ang BA.2.3 po iyong pinakamarami sa ating bansa. As late as December, we are already dominant with BA.2.3 and then, it kicked in January 18, mataas pero mabilis lang po iyong ating variant. At saka kung titingnan ninyo hanggang ngayon, se are

sequencing BA.2.3. mga 95% of our sequencing runs still very, very dominant in the country is BA.2.3.

**USEC IGNACIO:** Doc. Cynthia, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin at siyempre ito pong mahalagang pagbibigay–impormasyon sa amin. Maraming salamat po, Dr. Cynthia Saloma, Executive Director ng Philippine Genome Center.

**PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA:** Maraming salamat din po at magandang umaga sa ating lahat.

**USEC IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayon araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Muli ako po si USec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*